# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 3
## Ikatlong Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Angkop na Pagtatanong: Musika, Sining, Sayaw, at Iba Pa

**A. Panimula**

Basahin ng mga mag-aaral ang seleksiyon.

> Si *Celine* ay *isang mabait na bata*. Anak siya ng mag-asawang Amerikano na ngayon ay nakatira sa *Pilipinas*. Matatas na siyang mag-Tagalog ngayon bagamat kung minsan hindi niya maiwasang mabulol. Napakagaling niyang tumugtog ng *violin* at *saxophone*. Isa rin siyang *ballerina*. Isa siyang *multi-talented* na bata.

Mga Tanong:

- Sino si Celine?
- Saan siya nakatira?
- Ano-ano ang kanyang tinutugtog? Ano ang tawag sa kanyang maraming kakayahan?
- Ano ang ginamit natin sa pagtatanong?

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Subukin: Ang tamang paggamit ng mga tanong na *sino, ano, saan, ilan, kailan, ano-ano, sino-sino* ay nakatutulong upang matukoy natin ang mga detalye sa binasang teksto. Ito ay maaaring tumutukoy sa tao, bagay, pangyayari, o lugar.

Pakikinig: Ipabasa sa mga mag-aaral ang akda na kanilang kopya.

### Musika, Sining, Sayaw, at Iba pa

Sama-sama ang mga mag-aaral ng Baitang Tatlo sa isang malaking silid-aklatan sa pag-aaral ng kahulugan ng kulturang Pilipino. Bawat mag-aaral ay tuwang-tuwang nakikinig kay Bb. Arellano. Ipinapaliwanag niya ang mga minana natin sa ating mga ninuno.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, at damdamin

**Pamantayang Pagganap:**

Nagagamit ang kasanayan sa wika upang maipahayag ang mga ideya at karanasan base sa tekstong nabasa


**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar, at pangyayari (sino, ano, saan, ilan, kailan, ano-ano, sino-sino)
2. Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan

**Bb. Arellano:** Mga bata, alam ba ninyo na katangi-tangi sa ating mga ninuno ang pagmamahal sa kanyang kultura?

**Hanna:** Ang ibig ninyo pong sabihin, kaming mga batang Pilipino ay dapat lamang turuan ng pagmamalaki sa ating kulturang Pilipino?

**Bb. Arellano:** Tama ka, Hanna. Ang isa sa aspekto ng kulturang maaari nating gamitin ay ang ating kasuotang Pilipino. Tingnan ninyong mabuti ang mga larawang ipakikita ko sa inyo.



**Ted:** Tunay nga po palang kakaiba ang kasuotan na ating namana sa ating mga ninuno.

**Bb. Arellano:** Alam niyo rin ba na nananamit ang sinaunang Kristiyano nang naaayon sa kinabibilangan niya sa lipunan, relihiyon, lugar na ginagalawan at relasyong kultural sa mga karatig na bansa? Gumagamit din sila ng mga halamang mayroon sa kanilang paligid upang habihin at gawing tela. Karaniwang kumukuha sila sa abaca, pinya, rami, at *cotton.*



*abaca*



*pinya*

**Lervin:** Bb. Arellano, ano pong mga paraan ang maaari nating gawin upang maipagpatuloy ang pagkilala sa kulturang ipinamana sa atin?

3. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa at tekstong pagpapaliwanag
4. Naiuugnay ang sariling karanasan sa binasa
5. Naibibigay ang maaaring pahina ng aklat batay sa pamagat at pabalat


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Bb. Arellano:** Isa pang pamamaraan ay ang paggaya sa estilo at korte ng mga kasuotang ito. Halimbawa ay maaari nating gayahin ang baro at gamitan ng ibang tela. Ang pang-ibaba ay maaaring tela ng malong at iba pang habi. Maaari rin nating gayahin ang kanilang kakaibang pagpili ng kulay sa paggawa ng kombinasyon sa kasuotan. Marami pang pamamaraan ang maaaring gawin upang gumawa ng mga kasuotang Pilipino. Ang pagiging malikhain, praktikal, at espirituwal ng mga Pilipino sa kanyang kasuotan ay isang pamana sa atin. Ito ay dapat nating pag-ingatan at patuloy na isulong upang mamulat ang mga Pilipino sa paggamit ng mga kasuotang ito sa ating panahon.

**Theo:** Ano-ano naman pong mga instrumentong pangmusika ang ginagamit ng ating mga ninuno?

**Bb. Arellano:** Tingnan ninyong mabuti ang mga larawang ito. Ito ay ilan lamang sa mga instrumentong pangmusika na ginagamit ng ating mga ninuno.



*Kudyapi ng mga Kalinga*



*Gabbang ng mga Yakan*



*Balingbing ng mga Cordillera*



*Kulintang ng mga Maranaw*

**Jabez:** Ang gaganda pala ng instrumentong musikal ng ating mga ninuno.

**Bb. Arellano:** Tama at hindi lang iyan. Maging sa mga katutubong sayaw ay tunay na makikita ang yaman ng kulturang Pilipino. Pagmasdan ninyo ang mga ito:



*Subli*



*Pandanggo sa Ilaw*



*Maglalatik*



*Singkil*

**Diego:** Talaga po palang napakayaman ng kulturang Pilipino.

Siping Kuwento mula sa *Daluyan* (Pahina 36–39)
Thelma A. Alngog et. al

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Pabuuin ang kasingkahulugan ng mga salitang nakasalungguhit sa mga mag-aaral. Isulat ang nawawalang titik sa nakalaang kahon.

a. Ipinapaliwanag niya ang mga <u>minana</u> natin sa ating mga ninuno.

| n | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|

b. Ano po bang mga paraan ang maaari nating gawin upang maipagpatuloy ang <u>pagkilala</u> sa kulturang ipinasa sa atin?

| p | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

c. Alam niyo ba na <u>katangi-tangi</u> sa ating mga ninuno ang pagmamahal sa kanyang kultura?

| k | | | | | | - | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

d. Maaari nating gayahin ang kanilang kakaibang pagpili ng kulay sa paggawa ng kombinasyon sa kasuotan.

| k | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

**3. Kasanayang Panggramatika**

Sabihin: Upang maunawaan ang buong detalye ng anumang nabasa o narinig, kailangang matukoy ang pangunahing impormasyon nito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pangunahing tanong na **sino, saan, alin, kailan, ano, ilan,** at **paano**.

Tandaan ang mga signal na tumutukoy sa mga tanong.

| | | | |
|---|---|---|---|
| a. | sino = tao | e. | ano = bagay |
| b. | saan = lugar | f. | ilan = bilang |
| c. | alin = pagpili | g. | paano = paraan |
| d. | kailan = panahon | | |

**4. Pagpapayaman**

Ipasagot ang mga tanong sa mga mag-aaral.

a. Saan sama-samang nag-aaral ang mga batang mag-aaral ng ikatlong baitang?

b. Ano ang pinag-aaralan nila?

c. Kailan natin dapat pahalagahan ang mga minana nating kulturang Pilipino?

d. Paano raw natin maipagpapatuloy ang pagkilala sa kulturang ipinasa sa atin?

e. Bilang isang mamamayang Pilipino, paano mo maipagmamalaki ang kulturang iyong minana sa ating mga ninuno?

**5. Pagpapalawig**

Ipabasa at ipaunawa nang mabuti sa mga mag-aaral ang bawat pangungusap. Ipasulat sa patlang sa unahan ng bilang kung *sino, saan, alin, kailan, ano, ilan,* at *paano* ang tinutukoy ng mga salitang nakalimbag o italisado.

_______________ a. Sama-sama ang mga mag-aaral ng ikatlong baitang sa isang *silid-aralan*.

_______________ b. Naglagay sila ng maraming *halaman* sa paligid upang gumanda ito.

_______________ c. Si *Bb. Arellano* ay totoong napakahusay sa kanyang pagpapaliwanag sa mga mag-aaral.

_______________ d. Ang mga mag-aaral ay nahirapang mamili kung *sayaw* o *damit* ba ng ating mga ninuno ang mas nais nilang gayahin.

_______________ e. Talagang *napakarami* ng mga pamanang maaari nating ipagmalaki sa buong mundo.

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Ang mga tanong na *sino, saan, alin, kailan, ano, ilan,* at *paano* ay ginagamit upang maunawaan ang mga detalye sa binasang teksto. Maaari itong tumutukoy sa tao, lugar, bagay, bilang, at pangyayari.

**2. Pagpapahalaga**

Magpasulat ng isang pahayag sa mga mag-aaral na nagsasabi kung paano nila ipakikita ang pagmamahal sa mga minanang kulturang Pilipino. Ipasulat ang kanilang sagot sa nakalaang espasyo.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3. **Takdang Aralin**

Ipagawa: Gayahin sa kahon ang pahina ng pamagat ng iyong aklat. Isulat sa baba ng kahon ang mga kuwentong nagustuhan mo na inyong binasa sa klase at isulat ang mga pahina nito.

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

## Aralin 2: Mga Pang-uring Panlarawan: Si Puroy, Ang Ulirang Paslit

### A. Panimula

Ipakita sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga larawan.



Prutas



Kaibigan

Sagutin:

- Ano ang tawag sa mga salitang ginamit sa mga larawan?
- Ilarawan ang katangian ng unang larawan at pangalawang larawan.
- Ano ang tawag sa mga salitang ginamit mo sa paglalarawan?

### B. Katawan

#### 1. Kasanayang Pampanitikan

**Pang-uri** ang tawag sa salitang naglalarawan sa pangngalan at panghalip. Ang mga pang-uri ay maaaring maglarawan sa katangian, damdamin, hitsura o anyo, kulay, lasa, amoy, tunog, kayarian, at hugis ng isang pangngalan o panghalip, ang tawag dito ay mga **pang-uring panlarawan**.

*Pakikinig*: Basahin sa klase ng mga mag-aaral ang akda na nasa kanilang kopya.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan, at damdamin

**Pamantayang Pagganap:**

Matukoy ang mga salitang ginagamit sa paglalarawan ng tao, bagay, gawa, o pangyayari

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakapagla-larawan ng mga tao, hayop, bagay, at lugar sa pamayanan
2. Naibabaybay nang wasto ang mga salitang natutuhan sa aralin/batayang talasalitaang pampaningin
3. Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin, at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Si Puroy, Ang Ulirang Paslit**

Si Puroy ay isang batang lalaki. Siya ay siyam na taong gulang. Sa kabila ng kanyang kabataan, siya ay nakatutulong na sa kanyang mga magulang. Ang kanyang ama ay si Mang Tinoy at ang kanyang ina ay si Aling Ana. Maituturing na isang ulirang paslit si Puroy dahil sa kanyang taglay na kasipagan.

Masipag mag-aral si Puroy. Sinisiguro niyang nagagawa niya ang kanyang takdang-aralin sa bahay pa lamang. Nagbabalik-aral din siya ng mga itinuro ng guro sa araw na nagdaan. Pagkatapos gawin ang kanyang mga aralin ay tumutulong naman siya sa kanyang ama at ina sa mga gawaing-bahay. Nagwawalis siya ng mga natuyong dahon sa bakuran o kaya naman ay naglalampaso ng sahig hanggang sa ito ay kumintab. Kapag wala namang pasok ay sumasama siya sa kaniyang ama sa pangangahoy. Minsan din ay siya ang nagpapastol ng kanilang kalabaw. Kapag mahaba ang bakasyon at walang pasok, nasisiyahan siyang tumulong sa pagtatanim ng palay at gulay sa bukid.

Alam ng kanyang ina na kailangan din ni Puroy na makisalamuha sa ibang bata. Kaya tuwing araw ng Sabado, pinapayagan niya si Puroy na magsaya sa pakikipaglaro sa kanilang mga kapitbahay na kapwa niya bata. Tuwing araw naman ng Linggo ay higit pa nating hahangaan si Puroy dahil siya ay kasama ng kanyang ama at ina sa pagsisimba sa kapilya. Ang pamilya nila ay magiliw na nananalangin at nagpapasalamat sa mga biyaya na ipinagkakaloob sa kanila ng Panginoong Diyos.

Nang sumapit ang kaarawan ni Puroy, siya ay ipinasyal ng kanyang ama at ina sa Maynila. "Puroy, tayo ng sumakay sa MRT," sabi ng kanyang ama. "Naku! Ngayon lamang ako makasasakay sa tren," ang masayang nasambit ni Puroy. Sa pagsakay nila sa MRT ay itinuro ng ama kung paanong gamitin ang *card* para makapasok siya sa loob ng *train station*. "Madali lang pala, ipapasok ko lang ang *card* sa makinang iyon at makadadaan na ako," ang sabi ni Puroy. Sumakay sila sa *elevator* para mabilis silang makababa sa istasyon. "Nakikita mo ba ang mga bilog na iyan Puroy, pipindutin mo lang kung anong palapag ka lalabas," ang sabi ng kanyang ina.

4. Nakasusulat ng isang ulat tungkol sa isang pangyayaring napanood
5. Naikukumpara ang mga aklat sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba batay sa tema

"Sa pangalawang palapag po tayo bababa, 'di ba?" tanong ni Puroy. "Oo, Puroy, sige pindutin mo ang bilang 2," sagot ng kanyang ina. Tuwang-tuwang lumabas si Puroy mula sa *elevator*, marami na siyang natutuhan sa kanyang pamamasyal.

"Tayo nang kumain sa Jollibee," ang yaya ng kanyang ina. "Doon na tayo magtanghalian." Kinuha ng *cashier* ang *order* nila Puroy at pinindot ang *cash register*. Masayang-masayang kumain ang buong pamilya. Pagdaka'y nagyaya si Puroy na pumunta sa *mall*. "Inay, Itay, umakyat tayo sa pangalawang palapag," ang yaya ni Puroy. "O sige, gamitin natin ang *escalator*," turo ng kanyang ama. "Itay, ang sayang sumakay dito, hindi ko na kailangang maglakad pataas, ang *escalator* na ang magdadala sa akin pataas para di na ako masyadong mapagod." Patuloy na namasyal ang mag-anak hanggang sa magdapit hapon na. "Itay, Inay, maraming salamat po sa pamamasyal nating ito, marami po akong nakita at natutuhan ngayong araw na ito. Sa aking paglaki, kayo naman ipapasyal ko." Sabay na tumawa ang mag-asawa sa binitiwang salita ni Puroy. Tuwang-tuwang umuwi ang mag-anak ng hapong iyon.

Siping kuwento mula sa *Daluyan* (pahina 264–265)
Thelma A. Alngog et al.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipagawa: Ipaugnay ang mga magkasingkahulugan. Isulat ang letra sa patlang.

| | |
|---|---|
| _________ a. uliran | 1) nag-aalaga ng hayop |
| _________ b. paslit | 2) huwaran |
| _________ c. nagpapastol | 3) masikap |
| _________ d. masipag | 4) makihalubilo |
| _________ e. makisalamuha | 5) bata |

**3. Kasanayang Panggramatika**

Sabihin: **Pang-uri** ang tawag sa salitang naglalarawan sa pangngalan at panghalip.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

Ang pang-uri ay maaaring maglarawan sa katangian, damdamin, hitsura o anyo, kulay, lasa, amoy, tunog, kayarian, at hugis ng pangngalan at panghalip. Ang pang-uring ay tinatawag na **pang-uring panlarawan.**

Mga halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| katangian | – | matalino, masunurin, dakila |
| damdamin | – | masaya, galit, takot |
| hitsura o anyo | – | matangos, maganda, payat |
| kulay | – | pula, dilaw, asul |
| lasa | – | mapait, matamis, maasim |
| amoy | – | mabango, mabaho |
| tunog | – | malakas, mahina |
| kayarian | – | makinis, magaspang |
| hugis | – | bilog, tatsulok, biluhaba |

**4. Pagpapayaman**

Ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

a. Ano-ano ang magandang katangian ni Puroy na nabanggit sa kuwento?
b. Sa paanong paraan ipinapakita ni Puroy ang pagtulong sa kanyang ama at ina?
c. Paano ipinagdiwang ang kaarawan ni Puroy?
d. Ano-ano ang kanyang natutuhan sa kanilang pamamasyal?
e. Sumasang-ayon ka ba na isang ulirang bata si Puroy? Bakit?

**5. Pagpapalawig**

Ipagawa: Bilugan ang pang-uring panlarawan sa pangngalan/panghalip na nakasulat ng pahilig sa pangungusap.

a. Ang matulis na *lapis* ay nabali ng bata.
b. Simpleng *buhay* ang gusto ng dalaga.
c. Nasa Visayas ang malawak nilang *lupain*.
d. Matatapang ang mga *kawal* na iyon.
e. Kailangan natin ng sariwang *hangin*.

C. **Kongklusyon**

1. **Paglalahat**

Ang pang-uring panlarawan ay naglalarawan ng katangian, damdamin, hitsura o anyo, kulay, lasa, amoy, tunog, kayarian, at hugis ng pangngalan at panghalip.

2. **Pagpapahalaga**

Ipagawa: Lagyan ng ☺ ang bilog sa unahan ng bawat pangungusap na nagsasaad ng pagiging masipag.

1. ◯ Tumulong si Linda sa mga gawaing-bahay.
2. ◯ Nagbabalik-aral ako ng mga leksyon araw-araw.
3. ◯ Siya naman ang utusan mo, nanonood pa ako ng telebisyon.
4. ◯ Nagkusa ang magkapatid na hugasan ang mga platong pinagkainan.
5. ◯ Nakakatamad bumangon, hindi muna ako papasok ngayon.

3. **Takdang Aralin**

1. Sumulat ng isang talata tungkol sa isang pangyayari sa inyong pamayanan na napanood mo. Gumamit ng mga pang-uring panlarawan upang mailarawan ng malinaw ang pangyayaring iyong napanuod. Isalaysay ito sa klase.
2. Kumuha ng dalawang aklat na gustong-gusto mo. Ikumpara ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito gamit ang mga pang-uring panlarawan.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 3: Salitang Inuulit – Salitang Tambalan: Mang Andoy, Ulirang Ama

### A. Panimula

Ipabasa sa mga mag-aaral ang talata sa ibaba:

*Jose*: Dali! Kunin mo ang iyong palayuk-palayukan at pati na ang aking sunda-sundaluhan.

*Juana*: Sige, Kuya. Doon po tayo maglaro sa ating *bahay-kubo*. Isasali ba natin ang ating *kapitbahay?*

*Jose*: Huwag na. Baka isumbong pa tayo sa nanay at tatay.

*Juana:* Oo nga, tayo na nga lang ang maglaro.

Mga Tanong:

1. Tingnan ang mga salitang may salungguhit sa usapan. Ano ang iyong napansin sa mga ito?
2. Anong mga salita ang inulit?
3. Paano naiiba ang mga salitang nakahilig sa may mga salungguhit?
4. Ano ang tawag sa mga ganitong salita?

### B. Katawan

#### 1. Kasanayang Pampanitikan

Sabihin: Ang mga salitang **inuulit** ay dalawang pantig o salita na dalawang beses sinasabi samantalang ang mga tambalang salita ay dalawang salitang pinagdugtong.

*Pakikinig*: Ipabasa sa mga mag-aaral ang sumusunod na akda.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan

**Pamantayang Pagganap:**

Nagamit ng wasto ang kasanayan sa paggamit ng wika sa pagbasa.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Natutukoy ang kahulugan ng mga tambalang salita na nananatili ang kahulugan
2. Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita
3. Nasasabi ang paksa o tema ng binasang teksto
4. Naipakikita ng aktibong pakikilahok sa usapan at gawaing pampanitikan

**Mang Andoy: Ulirang Ama**

Tatlo ang anak ni Mang Andoy at Aling Sofia. Si Laila ay ang panganay na nasa kolehiyo. Si Marie, ang pangalawa, ay nasa hayskul at ang bunsong si Oscar ay nasa ikatlong baitang ng elementarya.

Dating drayber si Mang Andoy sa isang pagawaan. Nang maghayskul na ang panganay, naisipan niyang magtrabaho sa Saudi bilang drayber. Natanggap naman siya. Ngayon, apat na taon na sa Saudi si Mang Andoy. Tumatawag na lang siya sa kanyang pamilya tuwing Linggo. Minsan sa isang buwan na lang kasi siya nakasusulat sa pamilya. Madalas kasi siyang bumibiyahe. Pero hindi naman pumapalya si Mang Andoy sa pagpapadala ng pera sa kanyang pamilya.

Maraming kuwento si Mang Andoy tungkol sa mga karanasan niya. Minsan ay may nakilala siyang isang kababayan na nakapag-asawa ng isang taga-Saudi. Inanyayahan siyang kumain sa tahanan nito.

Ipinasyal din siya nito sa lungsod. Pero ang kadalasang ikinukuwento niya ay ang hirap ng pagmamaneho sa disyerto at ang matinding lungkot na nadarama niya. Tanging larawan ng pamilya lang kasi ang kapiling niya.

Sa huling balita niya ay nagkakahirapan na raw pumasok sa bansang Iraq dahil sa panganib na dulot ng mga terorista at mga bombang nakatanim. Maraming drayber ang tumatangging maghatid ng mga langis o pagkain sa Iraq. Pero ng sila ay alukin ng tripleng bayad para sa serbisyo, kasama si Mang Andoy sa pumayag.

Isang araw ay may dumating na telegrama sa kanyang pamilya. Nakalagay roon na nasa ospital si Mang Andoy. Nasabugan ng *landmine* ang trak na minamaneho niya. Tinawagan ng pamilya ang telepono ni Mang Andoy pero walang sumasagot nito.

Makaraan ang isang linggo, nakatanggap si Aling Sofia ng tawag mula sa asawa. Maayos naman daw siya at walang dapat na ikabahala ang pamilya. Kahit anong pilit ni Aling Sofia na pauwiin si Mang Andoy ay hindi ito pumayag. Ipagpapatuloy raw niya ang pagtatrabaho roon. Pero para maibsan ang pag-aalala ng asawa, nangako siyang hindi na bibiyahe pa sa Iraq.

5. Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang dinaglat



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Tanging panalangin na lamang ang magagawa ni Aling Sofia at mga anak para sa kaligtasan ng kanilang ulirang ama.

Siping Kuwento mula sa *Gintong Sinag 3* (pahina 87–88)
Rizalina R. Santos, Ph.D.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipabasa ang mga salitang hinango sa kuwento. Ikahon ang mga panlapi at salungguhitan ang salitang-ugat.

Halimbawa: [ka] <u>ligaya</u> [han]

| | |
|---|---|
| 1. ipagpatuloy | 6. inanyayahan |
| 2. kaligtasan | 7. tinitingnan |
| 3. pagtatrabaho | 8. pumapalya |
| 4. nagkakahirapan | 9. nakasusulat |
| 5. kadalasan | 10. ipinasyal |

**3. Kasanayang Panggramatika**

Salitang Inuulit – Salitang Tambalan

a. **Inuulit** – salitang ang unang dalawang pantig o buong salitang-ugat ay dalawang beses sinasabi.

Halimbawa: minu-minuto
pali-paligid
araw-araw
bahay-bahayan

b. **Tambalan** – ang dalawang salitang pinagsama o pinagdugtong ng gitling (-) ay itinuturing na isang salita lamang.

Halimbawa: bahay + kubo = bahaykubo
hanap + buhay = hanapbuhay

**4. Pagpapayaman**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

a. Saang bansa nagtatrabaho si Mang Andoy? Ano ang trabaho niya roon?

b. Paano nakikipag-ugnayan si Mang Andoy sa pamilya niya?

c. Ano ang magandang karanasan niya sa Saudi?

d. Ano ang nangyari kay Mang Andoy sa Iraq?

e. Tungkol saan ang binasa nating kuwento? Ano ang makukuha mong aral dito?

**5. Pagpapalawig**

a. Pabilugan ang tambalang salita sa bawat pangungusap at isulat sa patlang ang ibig sabihin nito.

__________ 1) Buong-puso naming siyang tinanggap bilang isang kamag-aral.

__________ 2) Magdadapit-hapon na nang ihatid naming si Aling Lucia sa piyer.

__________ 3) Nag-aagaw-buhay ang nanay niya sa probinsiya.

__________ 4) Binubunot namin ang damong-ligaw sa aming hardin.

__________ 5) Para kaming mga bansang-sisiw nang umalis siya.

b. Pakahunan ang salitang inuulit sa bawat pangungusap.

1) Maagang-maaga pa, gising na si Delia.

2) Ang mga bukas na ilaw ay isa-isa niyang pinatay.

3) Dahan-dahan siyang kumilos para hindi magising ang mag-anak


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

4) Ang kaldero at bigas ay ingat na ingat niyang hinuhugasan.

5) Maya-maya, nakasalang na ang sinaing.

**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Sabihin: Ang **tambalang salita** ay dalawang salitang pinagsama o pinagtambal na nagkaroon ng bagong kahulugan. Samantalang ang mga salitang inuulit ay pag-uulit lamang ng pantig o salita sa pagbasa.

**2. Pagpapahalaga**

Ipagawa: Pasagutan ng **Oo** o **Hindi**.

_________ 1) Si Mang Andoy ba ay isang ulirang ama?

_________ 2) Pumapalya ba si Mang Andoy sa pagpapadala ng pera sa pamilya?

_________ 3) Nadadalian bang bumiyahe si Mang Andoy sa disyerto?

_________ 4) Inalok ba ng triple si Mang Andoy para lang bumiyahe sa Iraq?

_________ 5) Naiibsan ba ang kalungkutan ni Mang Andoy kapag tumatawag sa pamilya?

**3. Takdang Aralin**

Magpakita ng isang halimbawa ng liham. Ipaliwanag din kung ano ang mga bahagi nito sa mga mag-aaral. Pagkatapos, magpasulat ng isang maikling liham na may kaugnayan sa paksa ng binasang teksto.

Ipagpalagay na ikaw ay may ama o ina na OFW. Sumulat ng isang liham para sa kanya. Tiyaking gumamit ng tamang bantas sa pagsulat.